*Translation of ACBoost.org buyer content*
*Bersyon: Pebrero 2024*

Noong November 2016, ang nagbabayad ng buwis ng Alameda County ay bumoto para mabigyan ng pagbubunsod ang mamimili ng bahay.

Humiram ng hanggang $210,000 sa anyo ng isang ibinahaging tumataas ang halaga ng paunang bayad na pautang na tulong para makabili ng bahay sa Alameda County.  Walang itinakdang babayaran sa panahon ng pautang, na ginagawang mas abot-kaya ang inyong pagbabayad sa bahay.

## Ano ang AC Boost?

Ang AC Boost ay isang programa ng pautang na nagbibigay tulong sa paunang bayad na dinisenyo para tulungan ang mga sambahayan na makabili ng bahay sa Alameda County. Ang programa ay nasa ilalim ng administrasyon ng Alameda County Housing and Community Development ("HCD") na pinopondohan ng mga mamboboto ng county sa pamamagitan ng Measure A1.  Ang AC Boost ay pinamamahalaan ng isang organisasyon na walang-kita ang Hello Housing (www.hellohousing.org).

Bininibigyan ng AC Boost ang mga **mamimili ng pagbubunsod**, sa paglaan ng mga pautang na ang intensyon ay dalhin ang pagmamay-ari ng bahay na abot-kaya sa mga sambahayan na hindi kayang bumili ng bahay.  Nagbibigay ang AC Boost ng pautang na hanggang $210,000 (depende sa kita at pangangailangan ng mamimili).  Ang mga pautang ay walang interes at walang buwanang bayad sa panahon na ang sambahayan ang siyang magmamay-ari ng bahay.  Sa halip, ang programa ay humihingi lamang ng kabayaran kung ang (1) ang 30 taon na panahon ay natapos na, (2) ang bahay ay ibinenta bago pa man matapos ang 30 taon, (3) nais ng may-ari na makakuha ng pera sa bahay sa pamamagitan ng muling pag-utang o (4) hindi na ninanais ng may-ari na okupahin ang bahay.  Sa panahon ng pagbabayad, binayaran ng may-ari ang halaga na hiniram na may dadag na katumbas na halaga na bahagi ng pagtaas ng halaga ng kanilang bahay.

Halimbawa, kung ang pautang sa AC Boost ay 15% ng presyo ng bahay, ang may-ari ng bahay ay magbabayad ng orihinal na halaga ng pautang at dagdag na 15% ng anumang pagtaas halaga ng bahay.

Ito ay nagbibigay sa AC Boost ng mga pondo para maipagpatuloy na masilbihan ang mga bagong sambahayan kung saan tumataas ang presyo ng mga bahay sa Alameda County. Samantala, hinahayaan ng programa na mapakinabangan ng may-ari ng bahay mula sa makabuluhang bahagi ng pagtaas ng presyo. Isang panalong-panalo.

Para masiguro na ang mga dolyares ng mambabayad ng buwis ay nagagamit para sa dapat na layunin, ang mga bahay na nabili sa pautang ng AC Boost ay babantayan ng Hello Housing para masiguro na sila ay mananatiling natitirhan sa lahat ng oras at tumutugma sa mga kailangan ng programa.

## Paano pinopondohan ang AC Boost?

Noong November 8, 2016, ang mga mamboboto ay inaprubahan ang Measure A1, isang $580 million na bond para sa pangkalahatang obligasyon para sa mga programa para sa pinalawak na abot-kayang pabahay sa Alameda County.

Para sa limang programa ng Measure A1, ang AC Boost ay dinisenyo para tumulong sa mga nagtatrabahong sambahayan na may panggitnang kita upang makabili ng mga bahay at manatili (o bumalik) sa Alameda County. Ang inaasahang alokasyon ng pondo para sa AC Boost ay ilalaan sa loob ng anim na taon, kung saan ang pondo ay iikot sa bagong mga pautang habang binabayaran ito ng mga may-ari ng bahay.

Ipinapatupad ng Alameda County's Housing at Community Development Department (HCD) ang mga programa at pinili ang Hello Housing, isang organisasyon ng pabahay na walang-kita, para maging Administrador ng Programa.

## Para sa Mamimili: Maligayang Bati mula sa AC Boost

Ang AC Boost ay isang programa na dinisenyo para makatulong sa nagtratrabahong sambahayan na may panggitnang-kita para makabili ng mga bahay sa Alameda County.

Binibigyan ng AC Boost ng pagbubunsod ang mga mamimili, sa paglalaan ng mga pautang na ang intensyon ay gawing abot-kaya ang pagmamay-ari ng bahay para sa mga sambahayan na hindi kayang bumili ng bahay sa Alameda County. Nagbibigay ang AC Boost ng pautang na hanggang $210,000 (depende sa kita at pangangailangan ng mamimili). Ang mga pautang ay walang interes at walang buwanang bayad sa panahon na ang sambahayan ang siyang magmamay-ari ng bahay. Sa halip, ang programa ay humihingi lamang ng kabayaran kung ang (1) ang 30 taon na panahon ay natapos na, (2) ang bahay ay ibinenta bago pa man matapos ang 30 taon, (3) nais ng may-ari na makakuha ng pera sa bahay sa pamamagitan ng muling pag-utang o (4) hindi na ninanais ng may-ari na okupahin ang bahay. Sa panahon ng pagbabayad, ang may-ari ay binayaran ang halaga na hiniram na may dadag na katumbas sa halaga na bahagi ng pagtaas ng halaga ng kanilang bahay.

Suriin ang sumusunod na mga kinakailangan kung karapat-dapat para malaman kung ang AC Boost ay tama para sa inyo.

## Kayo ba ay karapat-dapat?

Para maging karapat-dapat sa pautang ng AC Boost, kailangang tumugon kayo sa mga sumusunod na mga pangangailangan:

Ang Mamimili ng **Alameda County Residency** ay kailangang nakatira o nagtratrabaho (hindi bababa ng 32 oras/linggo) sa Alameda County o tumira na dati dito at napaalis.

**Napaalis na mga Sambahayan** Para maging karapat-dapat bilang napaalis na sambahayan, ang sambahayan ng aplikante ay kailangang magbigay ng patunay ng paninirahan ng kahit na isang miyembro na nasa tamang edad na napaalis mula sa kanilang pangunahing lugar ng tirahan sa loob ng Alameda County sa loob ng ng sampung taon bago ang petsa ng aplikasyon. Mas pag-aralan pa ang tungkol sa pagiging karapat-dapat dahil napaalis dito sa Displaced Household FAQ sa https://bit.ly/ACBoostDisplacedHouseholdFAQs_FC3_Tagalog.

**Unang Beses na Mamimili ng Bahay** Tinutukoy ng AC Boost ang unang-beses na mamimili ng bahay ang: isang sambahayan na kung saan ang lahat ng nasa tamang edad sa sambahayan ay (1) bibili ng isang pag-aari na pang-tirahan; (2) titira sa pag-aari na pang-tirahan bilang pangunahing tirahan; AT (3) walang interes na magmay-ari (solo o may kasosyo) sa isang yunit na pang-tirahan "sa loob ng tatlong-taon na panahon matapos ang petsa ng aplikasyon sa AC Boost, O naging isang Napaalis na Maybahay." Mangyaring isangguni sa huling bahagi ng dokumentong ito para sa mas malawak na depinisyon.

**Mga Limitasyon sa Kita** Para maging karapat-dapat, ang kita dapat ng inyong sambahayan ay nasa o mas mababa ng 120% sa Area Median Income ("AMI"). Kung ang kita ng inyong sambahayan ay nasa o nasa ibaba ng 100% AMI, maaari kayong maging karapat-dapat para sa mas malaking pautang. Ang kasalukuyang mga limitasyon sa kita ay:

| Bilang ng Tao | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 100% AMI | $103,550 | $118,300 | $133,100 | $147,900 | $159,750 | $171,550 |
| 120% AMI | $124,500 | $142,000 | $159,750 | $177,500 | $191,700 | $205,900 |

(Mga limitasyon sa kita ay binabago taun-taon, kadalasan sa panahon ng tagsibol)

**Pangunahing Tirahan** Ang mga mammimili ay kailangang nakatira sa bahay bilang kanilang pangunahing tirahan ng hindi bababa sa 10 (sampu) buwan bawat taon.

**Limitasyon sa Asset** Ang mga sambahayan ay dapat na mayroong hindi hihigit sa $300,000 na mga Asset sa panahon ng aplikasyon. Kasama sa mga asset na tinukoy ng AC Boost

ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod: mga savings account, checking account, Certificate of Deposit, kabuuang balanse ng anumang joint account, money market o mutual fund account, in trust for account (naa-access ang halaga), stock o bond (vested na halaga lang), regalo, hawak na cash, halagang ginamit o hiniram (mula sa isang life insurance policy, IRA, o mga retirement account), halaga ng equity sa anumang pagmamay-aring real estate, at iba pang investment na hawak ng sinumang nakatira sa sambahayan ng Aplikante na 18 taong gulang o mas matanda. Mga asset na hindi isasama: Ang cash surrender value ng life insurance policy, halaga ng isang IRA account, halaga ng mga retirement account (kasama ang, pero hindi limitado sa mga 401K at 403B account), halaga ng trust para sa mga espesyal na pangangailangan, o halaga ng isang 529 college savings ay maaaring hindi isama sa mga asset ng aplikante para sa pagsusuri ng mga Asset Bago at Pagkatapos ng Pagbili.

## Mga Alituntunin ng Programa

Para sa karagdagang impormasyon at mga detalye ng programa para sa pamantayan ng pagiging karapat-dapat, napili at proseso, mangyaring suriin ang AC Boost Program Manual sa www.ACBoost.org/Check-Eligibility.

## Unang Tagapagresponde? Tagapagturo?

Kasama sa AC Boost na mas pinipili ang para sa Unang Tagapagresponde at Tagapagturo ng Alameda County upang manatili ang mga ito dito. Bilang karagdagan, isinasama din ng AC Boost ang mga insentibo para mas madali sa mga mamimili na (1) tumira malapit sa kanilang trabaho o (2) magkaroon ng masasakyan papunta sa trabaho.

**Unang Tagapagresponde** Para maging karapat-dapat bilang "Unang Tagapagresponde" na sambahayan, isang miyembro ng sambahayan ay kailangan na buong-oras na tauhang miyembro ng Pulis, Bumbero, o Sheriff ng Departamento sa loob ng Alameda County o nagtratrabaho bilang isang Emergency Medical Technician (EMT) o Paramedic na ang siniserbisyuhang lugar ay kasama ang Alameda County. Mas pag-aralan pa at ikalat ang impormasyon. https://bit.ly/ACBoost_FirstResponderFlyer_FC3_Tagalog

**Tagpagturo** Para maging karapat-dapat bilang "Tagapagturo" na sambahayan, ang miyembro ng sambahayan ay kailangang nagtratrabaho bilang buong-oras na guro, administrador, empleyado ng eskuwelahan ng distrito o tauhang miyembro na nagtratrabaho sa alinmang Alameda County K-12 na pampublikong eskuwelahan, kasama na ang mga Charter na eskuwelahan at county/mga eskuwelahan para sa pagpapatuloy, o pangkomunidad na kolehiyo at pampublikong unibersidad sa loob ng Alameda County, kasama na ang pinalawig na mga kampus, o buong-oras na lisensyadong tagapagbigay alaga sa bata sa loob ng Alameda County. Kasama sa mga karagdagang kwalipikasyon para sa mga tagapagturo ay ang pagtratrabaho sa isang lisensyadong mga pasilidad na

tirahan para sa mga kabataan/foster na kabataan. Mas pag-aralan pa at ikalat ang impormasyon. [hhttps://bit.ly/ACBoost_EducatorFlyer_FC3_Tagalog](hhttps://bit.ly/ACBoost_EducatorFlyer_FC3_Tagalog)

## Handa ka na ba?

Edukasyon ng  Mamimili ng Bahay Kailangang kumpletuhin ng mga mamimili ang isang aprubadong pang-edukasyong programa para sa mamimili ng bahay mula sa isang ahensiya na aprubado ng County pati na ang pakikilahok sa isang AC Boost na workshop kung maimbitahan na magsumite ng isang buong aplikasyon.  Suriin ang aprubado ng County na pang-edukasyong programa para sa mamimili ng bahay  sa [https://bit.ly/ACBoost-Housing-Counseling-Agencies-FC3](https://bit.ly/ACBoost-Housing-Counseling-Agencies-FC3) para makahanap ng isa na naaayon sa inyo.

## Interesado na sa pag-aaplay?

## 1 Hakbang : Magsumite ng isang Bago-ang-Aplikasyon

Ang proseso ng Bago-ang-Aplikasyon na proseso ay susuriin ang inyong pagiging karapat-dapat batay sa inyong ibinigay na impormasyon at kung ang inyong sambahayan ay isinaalang-alang na karapat-dapat, kayo ay isasali sa isang loterya.

## General Lottery

Lahat ng mga aplikante ay matutukoy na karapat-dapat sa pagsumite ng Bago-ang-Aplikasyon ay mabibigyan ng numero para sa loterya at maisasali sa General Lottery. Ang loteryang ito ay matutukoy ang pagkakasunud-sunod kung saan ang sambahayan ng aplikante ay maiimbitahan sa isang workshop para mas matuto pa ng proseso ng AC Boost at kung paano magsumite ng kumpletong pakete ng aplikasyon kasama ang lahat ng kailangang mga dokumento na taga-suporta (e.g. paystubs, tax returns, bank statements, etc).  Ang mga aplikante ay iimbitahan ng bawat pangkat para maisaayos ang pagkakasunud-sunod sa loterya, sisimulan sa position sa loterya #1.  Ang numero ng mga aplikante na naimbitahan mula sa anumang naibigay na loterya ay matutukoy batay sa dami ng aplikasyon na nai-proseso at ang halaga ng pagpopondo na magagamit.

## Preference Lottery

Ang mga aplikante na nagpahiwatig sa kanilang Bago-Ang-Aplikasyon na ang sambahayan ay karapat-dapat para sa napipiling Tagapagturo o Unang Tagaresponde ay ipapasok sa Preference Lottery, pati na sa General lottery.  Nilalaan ng AC Boost ang 10% ng magagamit na mga pondo para sa karapat-dapat na napiling mga sambahayan.  Iimbitahan ng Hello Housing ang mga sambahayan mula sa listahan ng pagkakasunod ng dalawang loterya sa parehong oras para maisumite ang kumpletong mga aplikasyon hanggang ang nilaang pondo ay maubos para sa Napiling grupo.  Ang mga napiling sambahayan ay hindi

makakatanggap ng anumang pangunguna sa pagsuri ng aplikasyon o nilaang pagpopondo na higit sa mga aplikante mula sa General Lottery.  Kung maimbitahan na para mag-aplay, ang mga sambahayan ay pagsisisilbihan ayon sa kung sino ang unang nakapagsumite, unang pagsisisilbihan bilang basehan hanggang ang lahat ng mga pondo ay mailaan na. Mangyaring tandaan na ang mga sambahayan ay makakatanggap ng isang numero sa loterya lamang, ngunit makakatanggap ng magkakasunod na posisyon sa dalawang loterya, isa sa bawat kategorya ng loterya.  Susuriin ng Hello Housing ang karapat-dapat na napili sa sandaling maimbitahan na magsumite ng buong aplikasyon.

## Ano ang kailangan mo bago-mag-aplay?

- Kabuuang kita ng sambahayan para sa lahat ng miyembro ng sambahayan na nasa tamang edad
- Kabuuang mga Liquid Asset para sa lahat ng miyembro ng sambahayan na nasa tamang edad
- Huling 5 numero ng Lisensya sa Pagmamaneho, CA, ID, ID sa Munisipyo o numero ng pasaporte para sa lahat ng miyembro ng sambahayan na nasa tamang edad

Mangyaring tawagan kami sa (510) 500-8840 kung mas nais ninyong magsumite ng papel na Bago-Ang-Aplikasyon sa inyong wika. Kung kayo ay bingi, mahina ang pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita, mangyaring i-email kami sa ACBoost@hellohousing.org para sa tulong.

## Ano ang maaasahan

Matapos ninyo makapagsumite ng Bago-ang-Aplikasyon, ang resulta ay i-email sa inyo, kasama ang mga susunod na mga hakbang.  Ang susunod sa workshop sa aplikasyon, lahat ng awtomatikong pakikipag-ugnayan at nakatukoy sa programa na mga dokumento ay nasa Ingles.

Ang huling araw ng pagsumite ng Paunang-Aplikasyon ay Mayo 15, 2024.

## Ang Bago-ang-Aplikasyon ng AC Boost

Salamat sa inyong interest sa AC Boost.  Mangyaring tandaan, ang impormasyong inyong naisumite dito sa Bago-ang-Aplikasyon ay gagamitin para malaman ang inyong programa at karapat-dapat na pagpipilian, at ang impormasyong inyong ibibigay ay susuriin kung makumpleto ang buong aplikasyon.  Bawat sambahayan ay makakapagsumite ng isang Bago-ang-Aplikasyon lamang kaya mangyaring siguruhin na kayo ay nagsusumite ng tumpak na impormasyon.

Kapag nakapagsumite na ng Bago-ang-Aplikasyon, makakatanggap kayo ng email mula sa ACBoost @ hellohousing.org  kasama ang inyong natatanging numero sa loterya at

impormasyon tungkol sa napagpiliang kahilingan na Tagapagturo/ Unang Tagaresponde. Kung kayo ay hindi nakatanggap ng email sa loob ng 24 oras matapos makapagsumite ng Bago-ang-Aplikasyon, pakitingnan muna ang inyong pansala sa SPAM. Kung kayo ay wala pa ring email mula sa Ac Boost, o may nakita kayong anumang maling impormasyon na may kaugnayan sa napagpiliang kahilingan, **mangyaring kontakin kami agad sa pamamagitan ng pag-email sa ACBoost@hellohousing.org o tawagan ang (510) 500-8840.**

**Mangyaring tandaan na para makumpleto ang Bago-ang-Aplikasyon, kailangan na alam mo ang isang numero ng ID na iginawad ng gobyerno (gaya ng lisensya sa pagmamaneho) para sa bawat nasa tamang edad ng inyong sambahayan, ang kasalukuyang kabuuang kita sa buong taon at kabuuang pag-aari ng sambahayan.** Hindi mo maaaring i-save o bumalik sa Bago-ang-Aplikasyon, kaya't mangyaring siguruhin na hawak mo ang impormasyon bago kayo magsimula.

### Mga Opsyon sa Paggamit ng WIka

Ang online na bersyon ng pormas ng Bago-ang-Aplikasyon ay nasa Ingles. Para sa tulong sa ibang mga wika o humingi ng kopya ng Bago-ang-Aplikasyon sa ibang wika, mangyaring tumawag sa (510) 500-8840 o mag-email sa amin sa ACBoost@hellohousing.org.

## Mga Nakikilahok na Tagapagpautang ng AC Boost

Ang mga opisyal ng nakikipaglahok na nagpapautang at broker ng bayarin sa bahay ay nakapagkumpleto ng Pagsasanay para sa Tagapagpautang ng AC Boost at handang suriin ang inyong aplikasyon para sa inyong unang pautang. Kung handa na kayo na makipagtrabaho sa isang Tagapagpautang na gustong maging Nakikipaglahok na Tagapagpautang, mangyaring makipag-ugnayan sa kanila sa aming pahina na For Lenders para mas matuto pa sa www.acboost.org/for-lenders.

Makipag-ugnayan sa www.ACBoost.org/Approved-Lenders para sa impormasyong pangkontak para sa mga nakikilahok na Tagapagpautang.

## Hindi pa gaano kahanda?

Kung nalaman mong ang iyong sambahayan ay hindi kwalipikado para sa AC Boost sa ngayon, mayroon kang magagawang iba't ibang hakbang para simulan ang paghahanda para sa pagmamay-ari ng bahay. Inirerekomenda naming suriin ang mga sumusunod na mapagkukunan para matuto pa tungkol sa kung paano ka maaaring maghanda para maging may-ari ng bahay:

- Makipag-ugnayan sa isang ahensiya ng pagpapayo sa mamimili ng bahay para dumalo sa isang pang-edukasyong workshop para sa First-Time Homebuyer o kumuha ng pang-indibidwal na pagpapayo sa iyong pinansiyal na kahandaan - https://bit.ly/ACBoost-Housing-Counseling-Agencies-FC3

- Alamin ang tungkol sa mga pagsasangla ng ari-arian (mortgage), gastos sa pagsasara ng transaksiyon (closing cost), at higit pa sa pamamagitan ng Home Loan Toolkit ng Kawanihan ng Pinansiyal na Proteksiyon sa Mamimili (Consumer Financial Protection Bureau) - https://www.consumerfinance.gov/owning-a-home/explore/home-loan-toolkit/

# Handa na bang bumili ng bahay?

## Anong uri ng mga bahay ang karapat-dapat?

Kapag kayo ay naaprubahan para sa isang pautang ng AC Boost, maaari ka ng maghanap ng bahay. Nakakatuwa! Mangyaring siguruhin na kayo at ang inyong Realtor ay pamilyar sa lahat ng uri ng bahay na karapat-dapat na bilhin ng isang pautang ng AC Boost. Kung hindi pa kayo nagtratrabaho kasama ang isang Realtor, maaari kayong makipag-ugnayan sa mga asosasyon ng mga Realtor na pamilyar sa AC Boost.

- Bay East Association of Realtors (BayEast.org/find-realtor)
- Realtists (Associated Real Property Brokers)

**Karapat-dapat na mga Bahay** Lahat ng mga ari-arian na nabili gamit ang pondo ng AC Boost ay dapat matatagpuan sa County ng Alameda. Ang mga tirahan ay maaaring isang bahay para sa isang pamilya, isang Condominium, isang Townhouse/Town Home, isang Loft o Live Work Unit (basta ang Live Work na ari-arian ay gagamitin bilang pangunahing tirahan ng hindi bababa sa sampung buwan sa isang taon), o isang Manufactured Home na nakakatugon sa mga sumusunod na pamantayan – ang bahay ay nakakabit sa isang permanenteng pundasyon, itinuturing na tunay na ari-arian (ito ay nakatala sa Alameda County at ang lupa ay pag-aari ng may-ari ng manufactured home) at itinayo pagkatapos ng Hunyo 15, 1976.

**Mga kinakailangan sa Bakante** Ang mga ari-arian na nabili gamit ang pautang ng AC Boost ay kailangan na natirhan-ng-may-ari o naging bakante sa loob ng 90 araw bago magsara, maliban kung ang umiiral na tagaupa ang siyang bibili rin ng ari-arian.

### Mga Bahay na Hindi Kasali

Ang mga uri ng pabahay na hindi kasali sa AC Boost ay ang mga:

1. Mga bahay na Mobile na hindi nakakabit sa isang permanenteng pundasyon at ang mga itinayo bago ang Hunyo 15, 1976.
2. Mga ari-arian na maraming-yunit
3. Mga kooperatiba
4. Mga ari-arian kung saan ang kalakal o negosyo ay aktibong isinasagawa na walang isinulat na pag-apruba galing sa County para sa iminumungkahing gamit sa pagnenegosyo.

5. Ang mga ari-arian na nabili sa pamamagitan ng hindi-isang-dipa ang haba na transaksyon, na may interes na pagkakilanlan sa pagitan ng mamimili at nagbebenta o iba pang mga partidong nakikilahok sa transaksyon ng pagbebenta maliban na lang kung aprubado ng County. (Isang halimbawa ng hindi-isang-dipa ang haba na transaksyon ay ang pagbili ng ari-arian na pag-aari ng kapamilya ng mamimili o miyembro ng pamilya.)

## Mga Inspeksyon at Pagtantiya ng Halaga

Kinakailangan ng AC Boost mula sa mga mamimili na magsumite ng mga sumusunod na mga dokumento kapag may kontrata na para sa isang bahay:

- Patas na Pagtantiya ng Halaga sa Merkado (hindi lalampas sa 90 araw nang isinagawa)
- Pangkalahatang Pag-inspeksyon sa Bahay (hindi lalampas sa 90 araw nang isinagawa)
- Inspeksyon sa Peste (hindi lalampas sa 90 araw nang isinagawa)
- Nakalagdang General Release and Waiver of Liability na inyo nang nasuri ang mga ulat ng inspeksyon kasama ang inyong Realtor o iba pang propesyunal ng mga Real Estate at naiintindihan ang mga natuklasan.

## Benepisyo sa Sakayan na Magagamit

Sa pagsusumikap na mabawasan ang pamumuo ng trapiko, pagbawas sa polusyon at pagtaas ng kalidad ng buhay, hinihikayat ng programa ng AC Boost sa mga nakikilahok na bumili malapit sa lugar na pinagtratrabahuhan o malapit sa sakayan papunta sa trabaho. Para maging karapat-dapat sa benepisyong ito, ang bahay ay kailangan na:

1. Matatagpuan ang lugar ng pinagtratrabahuhan sa loob ng 5 milya ng isa sa mga miyembro ng sambahayan; o
2. Kung mas malayo pa sa 5 milya, ang lokasyon ng bahay ay dapat na nasa ½ milya ng direktang sakayan o istasyon ng Bay Area Rapid Transit (BART) na maaaring gamitin ng miyembro ng sambahayan sa loob ng ½ milya ng kanyang lugar na pinagtratrabahuhan.

Ang benepisyo ng programa ay nagpapahintulot sa mga nakikilahok na mas higit na gumastos ng kanilang kita sa pabahay. Ang pamantayan ng AC Boost para sa pinakamalaking halaga na magagastos ng sambahayan sa kanilang buwanang kita sa pabahay at mga obligasyon sa utang ay maaaring tumaas mula 43% hanggang 45%.

Halimbawa, kung ang sambahayan ay kumikita ng $10,000 (bago ang buwis) kada buwan, ang sambahayan ay hindi gagastos ng higit sa $4,300 sa kabuuan para sa kanilang bayarin sa pabahay at buwanang bayarin sa utang bilang buwanang konsumidor (credit cards, student loan, etc) para maging karapat-dapat sa mga pondo ng AC Boost. Kung ang

sambahayan ay makabili ng bahay na karapat-dapat para sa benepisyo sa sakayan ang sambahayan ay maaaring gumastos ng $4,500 para sa kanilang pabahay at mga bayarin sa utang at maging karapat-dapat sa AC Boost.

## Ilang alalahanin

Alam mo ba na ang zip code ay maaaring mayroong mas malaking impluwensiya sa inyong kalusugan kaysa sa code ng inyong genetiko?  Mas pag-aralan pa sa https://rwjf.ws/2rNmBnd

Pag-aralan pa ang tungkol sa mga eskuwelahan sa inyong pamayanan kung saan kayo naghahanap ng mabibili sa www.GreatSchools.org.

## Handa na ba kayong bumili ng bahay?

Nakipagkontrata ka na. Magaling! Ano na ngayon?

Kapag tinanggap mo na ang alok, ang relo ay gumagana na sa pangkat ng mga tao para makakuha ng lote sa maikling panahon.  Mangyaring mag-log in agad sa online portal para ma-upload ang inyong tinanggap na alok sa pagbili, tukuyin ang tagapagpautang, ipasok ang tinanggap na petsa ng pag-alok at takdang petsa ng pagsara at tanggapin ang mga detalyadong tagubilin sa mga susunod na hakbang at tiyak na mga itinakdang mga petsa.

## Ang proseso ng pagsasara ng pautang

1 Hakbang: Kapag kayo ay nakipagkontrata para sa isang bahay, ikaw at ang inyong tagapagpautang ay kinakailangan na magsumite ng mga dokumento sa Hello Housing upang malaman namin ang inyong pinal na pagiging karapat-dapat sa isang pautang ng AC Boost.

2 Hakbang: Ang inyong tagapagpautang ay mag-upload ng mga dokumento na may kaugnayan sa inyong unang bayarin sa pautang (nakabalangkas sa First Mortgage Checklist) sa AC Boost Web Portal.

3 Hakbang: Makakakuha ka at makapag-upload ng mga dokumento mula sa inyong Realtor na may kaugnayan sa bahay na inyong bibilhin (ang Property Checklist) sa AC Boost Web Portal.

4 Hakbang: Kung matugunan ang lahat ng mga kailangan sa programa, mag-iisyu ang Alameda County ng Final Approval Letter para inyong pautang sa AC Boost.

5 Hakbang: Makipagpulong kasama ang tauhan ng Hello Housing para mabasa ang mga tuntunin at mga dokumento ng pautang sa AC Boost na inyong lalagdaan.  May

pagkakataon kayong magtanong ng anumang natitirang mga katanungan na mayroon kayo.

6 Hakbang: Ipapadala ng Alameda County ang mga pondo ng pautang sa escrow.

7 Hakbang: Makikipagsara sa escrow at kunin ang mga susi sa inyong bagong bahay!

## Masiyahan sa inyong Bahay!

Inaasasahan naming na ang bawat nakikilahok sa AC Boost ay masiyahan sa kanilang bagong bahay at ang pagiging may-ari ng bahay ay napagyaman ang kanilang mga buhay. Makikipag-ugnayan ang Hello Housing sa inyong paglalakbay sa pagmamay-ari ng bahay at nandito para tumulong, kung sakaling may mga katanungan tungkol sa AC Boost, pagbayad muli o iba pang mga aspeto ng programa.

### Integridad ng Programa

Nilikha ang AC Boost para magbigyan ang mga sambahayang nagtratrabaho ng oportunidad na bumili ng bahay na matitirhan, mga tao na hindi sana makakabili ng bahay sa Alameda County.  Upang maitaguyod ang integridad ng programa at masiguro na ang mga sambahayan na nakatanggap ng mga pondo ng program gamit ang mga dolyares ng nagbabayad ng buwis na siyang layunin, ang mga nakikilahok sa AC Boost ay kinakailangang magbigay ng mga dokumento na sila ay nakatira sa ari-arian at pinanatili ang tamang insurance taun-taon.  Makikpag-ugnayan ang Hello Housing taun-taon na may mga alituntunin sa kung paano maibigay ang dokumento.  Maagap naming kayong pinasasalamatan para sa inyong napapanahong kasagutan sa aming mga hiling at pagtulong sa amin na panatilihing matagumpay ang programa.

## Handa ka na bang bayarang muli ang inyong pautang?

### Binibenta mo ba ang inyong bahay?

Mangyaring kontakin kami para mapag-usapan ang proseso ng muling pagbayad at magbigay ng nakumpletong Notice of Intent to Sell form.  Gagabayan namin kayo sa proseso, magbigay ng malinaw na mga susunod na hakbang at listahan ng mga kinakailangang mga dokumento. Kasama ang:

- Lubos na Kasunduan sa Pagbili
- Patas na Pagtantiya ng Halaga sa Merkado
- Impormasyong Pangkontak para sa Kumpanya na Nagtititulo
- Nilagdaang Sertipikasyon mula sa Nagbebenta at Bumibili

### Nais mo bang bayarang muli ang inyong bahay?

Mangyaring kontakin kami para mapag-usapan ang proseso ng pagbabayad ulit kung nais mong bayarang muli.  Gagabayan namin kayo sa buong proseso at kahilingan mula sa inyo sa mga sumusunod na impormasyon:

- Impormasyong Pangkontak para sa Kumpanya na Nagtititulo
- Kopya ng Panimulang Ulat ng Titulo
- Patas na Pagtantiya ng Halaga sa Merkado

## Tinutustusan mo ba ulit ang iyong bahay?

Mangyaring makipag-ugnay sa Teresa Hester kasama ang County ng Alameda sa teresa.hester2@acgov.org upang talakayin ang proseso ng pagbabayad kapag muling pinansyal. Mangyaring tandaan na maaari mong bayarang muli ang unang bayarin na hindi binabayaran ang inyong pautang sa AC Boost kung nais magbayad muli para samantalahin ang mas mabuting singil sa interes at nakakatanggap ka ng transaksyon na walang inilalabas na pera.  Kailangan mo pa ring makipagtulungan sa amin para ang bago mong tagapagpautang ay makakuha ng subordinasyon para makumpleto ang transaksyon. Walang linya ng utang para sa junior equity ang pinapayagan.

## Nais mo bang panatilihin ang inyong bahay ngunit handa na para bayaran o bayaran ang kalahati ng inyong pautang sa AC Boost?

Mangyaring makipag-ugnay kay Teresa Hester kasama ang County ng Alameda sa teresa.hester2@acgov.org upang magbayad sa iyong AC Boost loan o upang mabayaran nang buo ang utang. Mangyaring tandaan na ang patas na pagtantiya ng halaga sa merkado ay kailangang i-atas, kung saan ang manghihiram ang siyang responsable sa pagbabayad nito.  At isa pa, kung nais mong bayaran ang kalahati ng pautang isang bago at buong pautang at kabahagi sa pagtaas ng halaga ang kakalkulahin batay sa pagtaas ng halaga sa petsang nasambit at ang halaga ng bayarin.  Ang kasunduan sa pagbabago sa pautang ay lalagdaan at i-rerekord para maging ebidensiya sa pagbabago.

### Mga Karagdagang Resource para sa Tulong sa Down Payment

Maaaring pagsamahin ng mga aplikante ng AC Boost ang kanilang loan sa AC Boost at iba pang programa para sa tulong sa down payment na naaprubahan ng Alameda County. Nakalista sa ibaba ang mga programa sa pagbibigay ng loan na pantulong sa down payment na naaprubahan na para sa "pag-layer" sa AC Boost.

Nakalista rin sa ibaba ang mga grant program na maaaring makatulong sa down payment at/o mga closing cost. Hindi kailangang bayaran ang mga grant, kaya hindi kailangang aprubahan nang mas maaga ng Alameda County ang mga grant program.

Pakitandaang maaaring limitado ang pagpopondo para sa mga programang ito at maaaring iba ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado ng mga ito sa mga

pamantayan sa pagiging kwalipikado ng AC Boost. Inirerekomendang makipag-ugnayan sa mga tagapangasiwa ng programa ng mga programang ito para malaman kung kasalukuyang magagamit ang mga pondo at kung kwalipikado ka. Mahalaga ring magtanong sa iyong Kalahok na Nagpapautang ng AC Boost para matukoy kung magagawa nitong isama ang mga programang ito sa mga loan nito.

Mga Naaprubahang Programa sa Pagbibigay ng Loan na Pantulong sa Down Payment:

- WISH Program - mga pautang na hanggang $22,000
- NeighborhoodLIFT Program - mga pautang na hanggang $25,000
- Black Wealth Builders Fund - mga pautang na hanggang $15,000
- Black Wealth Initiative - mga pautang na hanggang $10,000

Mga Grant Program para sa Down Payment at Closing Cost:

- Bank of America Down Payment Grant Program - mga gawad na hanggang $10,000 o 3% ng presyo ng pagbili (alinman ang mas mababa) para sa paunang bayad - makipag-ugnayan sa isang AC Boost Participating Lender sa Bank of America para sa mga karagdagang detalye.
- Bank of America Home Grant Program - mga gawad na hanggang $7,500 para sa mga gastos sa pagsasara - makipag-ugnayan sa isang AC Boost Participating Lender sa Bank of America para sa mga karagdagang detalye.
- Tingnan sa iyong AC Boost Participating Lender upang makita kung mayroon silang anumang iba pang mga grant program na magagamit.

Pakibisita ang page na https://www.acboost.org/additional-dpa-resources para makita ang listahan ng mga kasalukuyang naaprubahang programa para sa tulong sa down payment.

## Karagdagang Impormasyon

### Ano ang Unang Beses na Mamimili ng Bahay?

Parang napakadaling tanong na kayang sagutin, ngunit hindi!


Tinutukoy ng AC Boost ang unang-beses na mamimili ng bahay ang: isang sambhayan na kung saan ang lahat ng nasa tamang edad  sa sambahayan ay (1) bibili ng isang pag-aari na pang-tirahan; (2) titira sa pag-aari na pang-tirahan bilang pangunahing tirahan; AT (3) walang interes na magmay-ari (solo o may kasosyo) sa isang yunit na pangunahing tirahan sa loob ng tatlong-taon na panahon matapos ang petsa ng aplikasyon sa AC Boost, O naging isang Napaalis na Maybahay na ipinaliwanag sa ibaba at ngayon ay nagtratrabaho na.

Ang isang Napaalis na Maybahay ay isang indibidwal na hindi na nakapagtrabaho ng buong oras, buong taon sa puwersa ng manggagawa na hindi bababa sa tatlo (3) taon, ang pangunahing trabaho ay walang sahod para mag-alaga sa bahay at pamilya, walang trabaho o hindi akmang-trabaho, nakakaranas ng kahirapan sa pagkuha o pagtaas ng posisyon sa trabaho, AT, habang isang maybahay, nagmamay-ari ng pangunahing tirahan na may dating asawa.  Walang miyembro na aplikante ng sambahayan ay nagkaroon ng anumang interes sa isang pangunahing tirahan sa panahon ng talong-taon matapos ang petsa ng Bago-ang-Aplikasyon sa AC Boost.  Ang panahong yaon ay ibibilang ng pabalik mula sa petsa ng pagsumite ng Bago-ang-Aplikasyon sa AC Boost.

Sa kabila ng mga naunang nabanggit, ang mga sumusunod na interes ay hindi, na sila-sila lang, na ituring na hindi karapat-dapat ang aplikante para maisaalang-alang na unang-beses na mamimili ng bahay: (1) pagmamay-ari ng mga timeshare; (2) kasama sa paglagda sa isang pautang mula sa nakaraang mga transaksyon sa aria-arian; (3) solong lumalabas sa titulo sa kapasidad ng isang katiwala para sa isang pondo, kung saan ang may-ari nito ay buhay pa sa panahong yaon at nasa tirahan;  (4) ipinangalan bilang tagatanggap ng benepisyo para sa isang pondo na kasama ang isang yunit ng pabahay sa lahat ng mga pag-aaring pondo, ngunit ito ay kung ang may-ari ng pondo ay nabubuhay pa noong panahong iyon at nasa bahay;  5) pagmamay-ari ng mga kabahagi ng isang limitadong equity co-op; at  (6) pagiging isang Displaced na Maybahay tulad ng inilalarawan sa itaas, na nagtatrabaho na ngayon; at (7) pagmamay-ari ng mobile home na hindi nakadikit sa isang permanenteng pundasyon at hindi itinuturing na totoong ari-arian (walang titulo sa Alameda County), o itinayo bago ang Hunyo 15, 1976

Ang interes sa pagmamay-ari ay tinutukoy bilang isang bayarin na may simpleng interes sa pagmamay-ari, kasama ngunit hindi limitado sa isang interes na pinapataw isa-isa, o sa isang pinagsamang interes sa pagmamay-ari sa pamamagitang ng pinagsamang pangungupahan, karaniwang pag-upa, pag-aari ng komunidad o isang interes sa buhay na estado.

Proseso ng 10-Hakbang



Mga Kalakip

- Pangkalahatang Flyer ng AC Boost
- Proseso ng aplikasyon sa AC Boost
- Buod ng Programa ng AC Boost
- AC Boost FAQs para sa mga Napaalis na mga Sambahayan
- AC Boost para sa mga Unang Tagaresponde (Pahina 1)
- AC Boost para sa mga Tagapagturo (Pahina 1)

AC Boost
Alameda County's Down Payment Assistance Loan Program

Funded by Alameda County Measure A1
*and approved by Alameda County taxpayers*

# Ready to buy your first home?

## Unlock down payment assistance with AC Boost!

AC Boost empowers middle-income working households to buy homes in Alameda County. The program offers **shared equity loans up to $210,000 for** first-time homebuyers who live in, work in, or have been displaced from Alameda County.

**Don't miss application deadlines!**

## Learn more at acboost.org



### ¿Listo para comprar tu primera casa?

AC Boost ofrece préstamos de asistencia para el pago inicial de hasta $ 210,000 para compradores de vivienda por primera vez que viven o trabajan en el Condado de Alameda o que han sido desplazados del Condado de Alameda. Asistencia en español está disponible.

### 準備購買你的第一間房屋嗎？

AC Boost 提供 $210,000 首期貸款幫助，給予首次買屋者。購房者要在亞拉米達縣 (Alameda County) 居住或工作， 或在亞拉米達縣流離失所者。 有中文提供幫助。

### Bạn đã sẵn sàng để mua ngôi nhà đầu tiên?

AC Boost cung cấp các khoản vay hỗ trợ thanh toán trước lên tới 210.000$ cho những người mua nhà lần đầu sống hoặc làm việc tại Hạt Alameda hoặc những người phải chuyển nhà khỏi Hạt Alameda. Có hỗ trợ bằng tiếng Việt.

### Handa na bang bumili ng unang bahay ninyo?

Ang AC Boost ay nag-aalok ng tulong sa paunang pagbayad na mga pautang ng may hanggang $210,000 para sa mga unagng-beses na mamimili ng bahay na nakatira o nagtratrabaho sa Alameda County o sinumang napaalis mula sa Alameda County.  May pagtulong sa Tagalog na magagamit.

Hello Housing

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

acboost.org
(510) 500-8840
acboost@hellohousing.org

AC Boost is funded by Measure A1 Affordable Housing Bond funds and administered by nonprofit organization Hello Housing on behalf of the County of Alameda.

The County of Alameda and Hello Housing do not discriminate against any person on the grounds of race, color, religion, national origin, ancestry, sex, gender, gender identity, gender expression, sexual orientation, marital status, familial status, source of income, genetic information, medical condition, physical disability or mental disability, or any other category protected by law.

AC Boost
Alameda County's Down Payment Assistance Loan Program

Funded by Alameda County Measure A1
*and approved by Alameda County taxpayers*

# Apply for Down Payment Assistance from AC Boost – It's free, quick, and easy!

- ☑ I'm a first-time homebuyer and ready to buy in Alameda County.
- ☑ I live in, work in, or have been displaced from Alameda County.
- ☑ I have a household annual income of less than 120% Area Median Income.

**AC Boost Special Features**

Are you a First Responder or Educator in Alameda County? If so, you might have twice the opportunity to secure AC Boost funds.



## Income Limits & Loan Amounts

- Buyers with incomes below 100% AMI (Area Median Income) have a loan limit of $210,000.
- Buyers with incomes between 100% and 120% AMI have a loan limit of $160,000.

**Income limits below are effective as of June 6, 2023 and are subject to change on an annual basis*

| Household Size | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 100% AMI* | $103,550 | $118,300 | $133,100 | $147,900 | $159,750 | $171,550 | $183,400 | $195,250 |
| 120% AMI* | $124,250 | $142,000 | $159,750 | $177,500 | $191,700 | $205,900 | $220,100 | $234,300 |

**¡Solicitar asistencia de pago inicial de AC Boost es gratis, rápido y fácil!** Los límites de los préstamos son de $ 210,000 para el 100% del AMI de $ 160,000 para el 120% del AMI. Consulte la tabla para límites por tamaño de hogar.

**Bạn có thể đăng ký hỗ trợ thanh toán trước từ AC Boost miễn phí, nhanh chóng và dễ dàng!** Giới hạn vay là 210.000$ ở 100% AMI hoặc 160.000 đô la ở 120% AMI. Hãy xem bảng giới hạn thu nhập theo quy mô hộ gia đình.

**申請 AC Boost 首期貸款幫助是免費的、快捷的、容易的！**100% AMI 的貸款限額是 $210,000 美元 或 120% AMI 的貸款限額是 $160,000 。請參閱家庭規模表格。

**Ang pag-aplay para tulong para sa unang pambayad mula sa AC Boost ay libre, mabilis at madali!** Ang mga limitasyon sa pautang ay $210,000 para sa 100% AMI o $160,000 para sa 120% AMI. Tingnan ang talaan ng limitasyon ng kita ayon sa sukat ng sambahayan.

Learn more at acboost.org, email acboost@hellohousing.org, or call (510) 500-8840

# PAANO MAG-APPLY PARA SA

AC Boost
Alameda County's Down Payment Assistance Loan Program

Pinopondohan ng Alameda County

**Para sa higit pang impormasyon**


BISITAHIN KAMI SA WWW.ACBOOST.ORG

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

ACBOOST@HELLOHOUSING.ORG

TELEPONO: 510-500-8840



ALAMEDA COUNTY hcd Housing & Community Development

Hello Housing

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

## 1. KUMPLETUHIN ANG ISANG PAUNANAPLIKASYON

- Maaaring kumpletuhin online ang Paunang Aplikasyon sa loob lang ng ilang minuto sa www.acboost.org
- Available ang Papel na Kopya ng Paunang Aplikasyon sa iba't ibang wika kung hihilingin




## 2. MAKATANGGAP NG LOTTERY NUMBER

- Makatanggap ng lottery number sa email kapag natugunan ang mga pinakamababang kinakailangan sa kwalipikasyon



## 3. DUMALO SA MANDATORYONG WORKSHOP

- Iniimbitahan ang mga aplikante na dumalo sa isang workshop para matuto pa tungkol sa programa, utang, at kung ano ang kakailanganin para magsumite ng kumpletong aplikasyon



## 4. MAGSUMITE NG KUMPLETONG APLIKASYON SA PROGRAMA

- Kailangan ng mas detalyadong impormasyon ng sambahayan kasama ang sulat ng paunang pag-apruba ng lender
- Kumpletong pansuportang dokumentasyong kailangan para sa bawat miyembro ng sambahayan



## 5. MAY KONDISYONG PAG-APRUBA AT PAGPAPARESERBA NG MGA PONDO

- Makakatanggap ang mga kwalipikadong aplikante ng may kondisyong pag-apruba at pagpapareserba ng mga pondo mula sa Alameda County



## 6. MAMILI NG BAHAY!

- May 120 araw ang mga aplikante para pumasok sa isang kasunduan sa pagbili sa isang bahay





## 7. MAKATANGGAP NG PANGHULING PAG-APRUBA NG LOAN

- Aabisuhan ng mga aplikante ang Hello Housing sa oras ng pagpapatupad ng kasunduan sa pagbili
- Paglalabas ng sulat ng panghuling pag-apruba pagkatapos matugunan ang lahat ng programa



## 8. PAGSASARA NG TRANSAKSIYON

- Kailangan ng pang-indibidwal na pagpupulong kasama ang Hello Housing bago ang pagsasara
- Pirmahan ang mga dokumento sa Kompanya ng Titulo
- BINABATI KA NAMIN, ISA KA NANG MAY-ARI NG BAHAY!



# Program Summary

## Funded by Alameda County Measure A1

LAYUNIN: Tulungan ang mga karapat-dapat, panggitna ng-kita, unang beses na mamimili ng bahay na bumili ng mga bahay sa Alameda County na may mga tulong na loan para sa down payment.

### KARAPAT-DAPAT NA MGA MAMIMILI

- Mga bibili ng bahay sa unang pagkakataon, hindi nagmamay-ari ng pangunahing tirahan sa nakalipas na 3 taon.
- Nakatira, nagtratrabaho o naalis mula sa Alameda County sa nakalipas na 10 taon.
- Ang kita ng buong samabahayan ay mababa sa 120% ng Area Median Income (AMI), at mga pag-aari ng sambahayan na madaling ipalit sap era ay mababa sa ng $300,000 (hindi sakop ang hindi-magagamit-na-pera kagaya ng pension o (mga) account sa 401(k)
- Mababa o hindi kinakailangan ng paunang bayad o hindi hihigit sa 50% ng presyo ng pagbili.
  Kailangang maging karapat-dapat para sa unang lagak na kahit 50% ng presyo ng pagbili.
- Kailangang nakumpleto at nakakuha ng sertipikasyon para sa edukasyon ng mga mamimili ng bahay.

### KARAPAT-DAPAT NA MGA TAHANAN

- Isang pamilya, mga condo, mga townhome, mga loft tira/trabaho na mga yunit,at ilang ginawang bahay sa Alameda County.
- Dapat ang ari-arian ay alinman sa natirhan ng mga tiyak-na-may-ari o bakante sa loob ng 90 mga araw bago magsara, kung ang mamimili ay ang kasalukuyang nangungupahan.
- Ang mamimili ay dapat planuhing gawin tahanan ang kanilang tirahan sa loob ng 60 mga araw matapos mabili.

### PAUTANG at mga LIMITASYON SA KITA

- Ang mga mamimili ay kumikita ng mas mababa sa 100% AMI (Area Median Income) at mayroong $210,000 na limitasyon sa pautang.
- Ang mga mamimili na may mga kita sa pagitan ng 100% at 120% AMI at mayroong $160,000 na limitasyon sa pautang.
  * ang mga limitasyon sa kita ay epektibo mula Hunyo 6, 2021 at maaaring mabago sa taunang batayan

| Sukat ng Sambahayan | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 100% AMI* | $103,550 | $118,300 | $133,100 | $147,900 | $159,750 | $171,550 | $183,400 | $195,250 |
| 120% AMI* | $124,250 | $142,000 | $159,750 | $177,500 | $191,700 | $205,900 | $220,100 | $234,300 |

### MGA NATATANGING NAPILING MGA TUNTUNIN NG PAUTANG

- Ang mga mamimili ay may termino na 30 taon, nang walang interes at walang buwanang pagbabayad habang nakatira sa bahay.
- Ang pautang ay siniseguro ng legal ng kasunduan. Ang makakapagpabalik sa muling pagbabayad ay maaaring ma-trigger ngg pagbebenta, paglipat ng titulo, hindi awtorisadong pagtutustos, pagwawakas ng pagtira ng may-ari, o pagpalya ng mamimili sa pagbayad ng kanilang unang paglagak.
- Kapag dapat na bayaran, kasama sa muling pagbabayad ay ang buong utang kasama ang katumbas na bahagi ng anumang pagtaas ng halaga ng bahay.
  - Halimbawa: kung ang isang mamimili ay nakakuha ng 15% ng AC Boost na pautang para presyo ng bahay na nabili babayaran nila ulit ang buong halaga ng pautang kasama ang 15% ng anumang pagtaas sa halaga ng bahay.
  - Dapat gumastos ang mga mamimili nang hindi bababa sa 25% ng kanilang kita sa kabuuang halaga ng pabahay at hindi hihigit sa 43% ng kanilang kita sa kabuuang halaga ng pabahay at utang ng consumer (o hanggang sa 45% para sa mga mamimili na bumibili ng bahay sa loob ng 5 milya ng kanilang lugar ng trabaho o ½ milya sa direktang linya ng transportation sa kanilang trabaho).
  - Kagustuhan para sa mga Tagaturo at First Responder.
  - Magsimula sa isang simpleng pre-application na nakatakda sa deadline (tingnan ang acboost.org para sa kasalukuyang mga cycle date).
  - Nakakatanggap ang mga karapat-dapat na pre-applicant ng ramdom na mga numero sa loterya sa pagsasara ng 45 araw sa panahon ng pre-application.
  - Iniimbitahan ang mga sambahayan na may nangungunang mga numero ng loterya para dumalo sa mandatoryang workshop.
  - Maaaring mag-submit ang mga dumadalo sa workshop ng kumpletong application kasama ang sumusuportang dokumentasyon sa loob ng 28 araw ng workshop. Isasaalang-alang ang mga kumpleltong application sa basehang “sino ang unang nakakumpleto”.
  - Ang mga inaprubahang aplikante na may kondisyon may mayroong 120 araw para i-secure ang karapat-dapat na bahay.
  - Maaaring magbigay ng karagdagang 60 araw na may ebidensiya ng mga alok na ginawa sa unang 120 araw.
  - Ang escrow ay dapat minimum na 28 araw para sa mga pag-apruba ng unang loan at ari-arian.

acboost.org
(510) 500-8840
acboost@hellohousing.org

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

Mangyaring tumawag sa (510) 500-8840 o mag-email sa acboost@hellohousing.org para sa pagtulong sa wika. Ang AC Boost ay pinondohan sa pamamagitan ng Panukalang A1 Affordable Housing Bond Funds at pinangangasiwaan ng nonprofit organization Hello Housing sa ngalan ng County ng Alameda.

Ang County ng Alameda at Hello Housing ay hindi nagpapakita ng diskriminasyon laban sa sinumang tao batay sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, lipi, kasarian, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, katayuan sa pag-aasawa, katayuan sa pamilya, pinagmumulan ng kita , genetic information, medikal na kalagayan, pisikal na kapansanan o kapansanan sa isip, o anumang iba pang kategorya na protektado ng batas.

# Karaniwang mga Katanungan

## Mga Pamantayan sa mga Mamamayan na Lumikas sa Ibang Siyudad




Mainit na tinatanggap ng AC Boost ang mga aplikante na umalis ng Alameda County sa nakalipas na 10 taon, kahit na hindi na sila nakatira o nagtratrabaho sa County!

Ang AC Boost ay andiyan lang sa mga mamimili ng bahay na nakalis na sa County dahil sa pagkaremata, pagtaas ng mga gastusin sa bahay, o ibapang mga dahilan ng pagkakaalis.

## 1. Paano malalaman kung ako ay karapat-dapat na mag-apply kung ako ay “napaalis o lumipat sa ibang "County?

Para maging karapat-dapat sa pag-apply ay magkaroon ng isa sa mga miyembro ng sambahayan ay nasa hustong edad nung panahon ng paglipat, paglikas o pagpapaalis sa kanilang pamamahay sa Alameda County na sa nakalipas na sampung taon bago ang petsa ng aplikasyon.

Maaaring kabilang sa pagkaalis ang paglabas sa County dahil sa:

- Mga gawain na nagpapatupad ng mga alituntunin,
- Isang Lungsod/ County-na-isponsoran o proyekto sa pag-unlad na tinutulungan ng Lungsod/ County
- Pagkaremata ng pag-aari,
- Mga pagpapaalis at pinilit na lumabas, kasama na ang may kaugnayan sa:
  - Pagtaas ng renta
  - Pagkawala ng mga pabahay na mga serbisyo
  - Pagtira ng may-ari
  - Ang gusali ay nahatulan na
  - Hindi ligtas/ hindi Mabuti sa kalusugan na mga kondisyon sa pabahay o pamayanan
  - Pagpalit sa pag-aari bilang condominium o iba pang gamit
  - Panggigipit, diskriminasyon, o pagganti ng tagapag-paupa o mga kapitbahay
  - Nakakapagbigay-liwanag na pagpapaalis
  - Natural na kalamidad o ibang emerhensiya
  - Ibang mga kadahilanan na “walang kasalanan”

## 2. Paano ako tatanungin kung ako ay tumutugma sa mga kakailanganin para sa pagiging “napaalis na sambhayan”?

Ang mga aplikante ang siyang-magpapatunay na ang kanilang sambahayang ay napaalis sa isa mga dahilan na nakalista. Dapat din magbigay sila ng mga dokumento na ipinapakita na tumira sa Alameda County nang ilang panahon sa sampung taon bago mag-apply sa bago sa AC Boost. Maaring kabilangan ang dokumento ng, ngunit nililimitahan sa:

- Nakaraang Kasunduan sa Pag-uupa sa address ng Alameda County
- Mga bayarin sa kuryente, tubig o gas sa address ng Alameda County
- Mga dokumento sa buwis (gaya ng W-2, W-4, o Tax Returns) na pinapakita ang address ng Alameda County

## 3. Kailan ako dapat na magbigay ng mga dokumento ng aking pagkakaalis?

Ang bago-ang-aplikasyon para sa AC Boost ay tinatanong kung nakatira, nagtratrabaho, o napaalis mula sa Alameda County. Hindi kailangan ng patunay sa ngayon. Ang lahat ng bago-ang-aplikasyon ay isasali sa isang loterya. Ang mga aplikanteng may nangungunang numero sa loterya ay inaanyayahan na dumalo sa isang workshop. Ang mga sambahayang napiling ito ay kukumpletuhin ang isang buong aplikasyon na may tagasuportang mga dokumento, kasama na ang mga dokumento ng nakaraang tirahan sa Alameda County sa loob ng sampung taon bago mag-apply.

## 4. Ako ay napaalis mula sa aking tirahan ng ilang taon ngunit ako ay nakatira ngayon sa Alameda County. Makakatanggap ba ako ng ekstrang tanging puntos sa pagtira sa pagtira sa Alameda County AT nakaranas na mapaalis?

Hindi. Kung napaalis ka ngunit hindi na nakatira o nagtratrabaho sa Alameda County, maaaring maging karapat-dapat para sa AC Boost batay sa iyong pagkakaalis. Kung ikaw ay nag-apply habang nakatira o nagtatrabaho sa Alameda County, ang nakaraang pagpapaalis ay hindi naaapektuhan ang inyong aplikasyon sapagkat kayo ay karapat-dapat na. Walang karagdagang benepisyo ang ibibigay sa mga sambahayan na karapat-dapat sa maraming paraan. Halimbawa., ang sambahayan na napaalis sa nakaraan at ngayon ay nakatira at nagtratrabaho sa Alameda County (karapat-dapat sa 3 iba't-ibang paraan) ay walang advantage sa isang sambahayan na napaalis ngunit hindi na nakatira o nagtratrabaho sa Alameda County.

## 5. Ako ay pinuwersang umalis mula sa Alameda County nung sinabi ng aking tagapagpaupa na ititigil na ang aking pag-upa, ngunit wala akong anumang dokumento na magpapakita kung bakit ako umalis. Magiging karapat-dapat pa ba ako bilang napaalis na sambahayan.

Oo, kung makakapagpakita ka ng dalawang bagay:

Patunay na ikaw ay tumira sa Alameda County sa isang punto sa nakalipas na sampung taon, AT

(2) Sariling-sertipikasyon Patunayan mo na ang iyong dahilan na umalis sa Alameda County ay tumutugma isa sa tinatanggap na pagpapaalis (tingnan ang FAQ # 1).



AC Boost
Alameda County's Down Payment Assistance Loan Program

Pondong galing sa Alameda County Measure A1

# Unang mga Taga-responde ng Alameda County

Handa nang bilhin ang una mong bahay?
Huwag maghintay, mag-apply ngayon para sa paunang pambayad na tulong!

AC Boost, ang Programa sa Pagtulong sa Pagbabayad ng Paunang Bayad ng Alameda County, ay tumutulong sa mga sambahayang may panggitnang-kita at nagtatrabaho para makabili ng bahay sa Alameda County. Ang programa ay nag-aalok ng mga pautang na may pinagsamang equity na hanggang $210,000 para sa mga unang beses na mamimili ng bahay na nakatira, nagtatrabaho, o napaalis mula sa Alameda County.



## Ang mga Unang Taga-responde, i-secure ang iyong AC Boost advantage!

Kinikilala ng AC Boost ang iyong pabahay at mahabang pag-commute. Mas ligtas ang ting komunidad kung nakatira kayo na mas malapit sa trabaho. Naglalaan ng mga pondo ang AC Boost para sa suportahan ka dahil ang Alameda County ay umaasa sa iyong kapakanan at tagumpay.

## Sino ang karapat-dapat maging "Unang Taga-responde"?

Kung ikaw o ang kasama mo sa iyong sambahayan ay full-time na miyembro ng Pulis, Bumbero, o Departamento ng Sheriff sa loob ng Alameda County o nagtratrabaho bilang Emerhensiyan Medical Technician (EMT) o Paramedic na kasama ang Alameda County sa lugar na pinagsisislbihan.

Tingnan ang AC Boost Program Summary
Mas pag-aralan pa at mag-aplay sa acboost.org.
Bilisan ang kilos! Ipinapatupad ang takdang petsa sa mga aplikasyon.

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

Kilala mo ba ang isang First Responder? Paki tulong po na ipalaganap ang balita!

AC Boost, a program of Alameda County, is administered by nonprofit organization Hello Housing.

AC Boost
Alameda County's Down Payment Assistance Loan Program

Pondong galing sa Alameda County Measure A1

# Mga Tagapagturo sa Alameda County

Sinusubukan mo bang bumili ng una mong bahay? Mag-aplay ngayon para sa paunang pambayad na tulong!

AC Boost, ang Programa sa Pagtulong sa Pagbabayad ng Paunang Bayad ng Alameda County, ay nilikha upang tumulong sa mga sambahayang may katamtamang kita na nagtatrabaho para makabili ng bahay sa County. Ang programa ay nag-aalok ng hanggang $210,000 na pautang na may shared equity para sa mga unang beses na bibili ng bahay na nakatira, nagtatrabaho, o napaalis mula sa Alameda County.





## Ang mga Tagapagturo ay makakatanggap ng pagtatangi sa proseso ng loterya ng AC Boost!

Nauunawaan ng AC Boost na ang mahal na pabahay ay maaaring magresulta sa mga tagaturo na umalis sa kanilang mga trabaho at dapat ang mga tagaturo ay makakayang tumira kung saan sila nagtatrabaho. Naglalaan ng mga pera ang AC Boost para sa mga tagaturo (at unang taga-responde) para tulungan silang bumili ng mga bahay sa Alameda County.

## Sino ang karapat-dapat maging "Tagapagturo"?

Ang sambahayan na karapat-dapat kung kasama ang full-time na miyembro na nagtratrabaho sa isang Alameda County K-12 na pampublikong eskuwelahan, (kasama ang pang-Charter at county/patuloy na eskuwelahan), kolehiyo sa komunidad, pampublikong mga unibersidad , (kasama na ang dagdag na mga kampus) o bilang lisensyadong full-time na tagapagbigay ng pangangalaga sa bata. Kasama rin ang mga tagapagturo na nagtratrabaho sa lisensyadong full-time na mga pasilidad na tirahan para sa mga kabataan/ foster na kabataan.

Huwag nang maghintay! I-explore ang AC Boost Program Summary
Mas pag-aralan pa at mag-aplay sa acboost.org.
Mangyaring sabihin sa iyong mga collegue ang tungkol sa oportunidad na ito!

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

Paki-share po ang oportunidad na ito sa inyong mga kasamahan!

AC Boost, a program of Alameda County, is administered by nonprofit organization Hello Housing.